# Mahabang Pagsusulit sa Filipino 7
**Ikaapat na Markahan**

**Pangalan, Taon, at Seksyon:**

**TEST I:**

Panuto: Basahin ang bawat pahayag. Isulat sa patlang ang **TUMPAK** kung ito ay wastong pahayag at kung mali naman, **PALITAN NG WASTONG SALITA** ang nakalinyang salita.

_______________ 1. Nagkaroon ng malubhang karamdaman si Haring Fernando na ang tanging makagagamot lamang ay ang mahiwagang awit ng Ibong Adarna.
_______________ 2. Unang inutusan si Don Diego upang hanapin ang mahiwagang ibon.
_______________ 3. Nakilala ni Don Juan ang isang matanda na binigyan niya ng makakain at nagbigay sa kaniya ng payo kung paano mahuhuli ang ibong Adarna.
_______________ 4. Hinuli ni Don Juan ang ibon gamit ang pilak na kawayan.
_______________ 5. Unang nakilala ni Don Juan si Leonora at tinalo ang higante at serpyenteng nagbabantay.
_______________ 6. Nakatulog si Don Pedro dahil sa pag-awit ng Ibong Adarna.
_______________ 7. Naging bato sina Don Diego at Don Fernando.
_______________ 8. Tatlong ulit na umawit ang Adarna.
_______________ 9. Pitong ulit nag-iba ang balahibo ng Ibong Adarna.
_______________ 10. Pinayuhan ng Ibong Adarna si Juan na kalimutan na si Donya Leonora.

**TEST II:**

Panuto: Tukuyin ang ipinapahayag sa bawat pangungusap. Isulat ang wastong sagot.

**A. Mga Tauhan sa Ibong Adarna**

_______________ 1. Ang tumulong kay Don Juan noong panahong hinang-hina siya dahil sa pambubugbog ng mga kapatid.
_______________ 2. Siya ang unang babaeng nagpatibok sa puso ni Don Juan.
_______________ 3. Nagbigay sa bunsong prinsipe ng sintas bilang panghuli sa ibon.
_______________ 4. Isang malaking ahas na may pitong ulo na nagbabantay kay Donya Leonora.
_______________ 5. Gamit ni Don Juan na panghiwa sa kanyang mga palad.

**B. Mga Tagpuan sa Ibong Adarna**

_______________ 1. Dito naninirahan ang ibong Adarna, kung saan ito umaawit habang nagpapalit ng balat at natutulog.
_______________ 2. Bundok kung saan natagpuan ang mahiwagang balon.
_______________ 3. Bundok kung saan matatagpuan ang punong tinitirhan ng Ibong Adarna.
_______________ 4. Kahariang pinamumunuan ni Haring Fernando.
_______________ 5. Bundok kung saan naging bato ang dalawang prinsipe.

LIVEWORKSHEETS

**TEST III:**

Panuto: Basahin nang mabuti ang mga tanong at piliin ang wastong letra. Isulat ito sa nakalaang linya. Gumamit ng **MALAKING LETRA** sa pagsagot.

___ 1. Sa paanong paraan sinimulan ang Ibong Adarna?

a. Allegro
c. Pagkakasakit ng hari
b. Pamamaalam ng makata
d. Paghingi ng tulong at panalangin sa Mahal na Birhen

___ 2. Ano ang dahilan ng pagkakasakit ng hari?

a. Masamang panaginip
c. Masamang utusan
b. Masamang hangin
d. Masamang panalangin

___ 3. Sino ang ikalawang naglakbay upang hanapin ang lunas sa sakit ng ama?

a. Don Pedro
b. Don Diego
c. Don Juan
d. Don Fernando

___ 4. Sino ang tinulungan ni Don Juan at binigyan ng tinapay?

a. Ketongin
b. Estranghero
c. Tindero
d. Lumpo

___ 5. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang tama o wasto?

a. Maituturing si Don Juan bilang protagonista sa Ibong Adarna.
b. Si Don Pedro ay isang protagonista.
c. Si Don Diego ang tanging antagonista sa Ibong Adarna.
d. Lahat ng tauhan sa Ibong Adarna ay nakahuli rito.

___ 6. Alin sa sumusunod ang isang patunay na gagawin ng anak ang lahat para sa ikabubuti ng kaniyang magulang?

a. Maglalakbay sa malayong lugar.
b. Pagmamahal ni Don Juan sa kaniyang ama.
c. Mag-aagawan sila sa tagumpay
d. Paglalakbay ng tatlong magkakapatid para hanapin ang lunas

___ 7. Nanalangin ang makata sa Mahal na Birhen. Alin ang maaaring maging repleksiyon nito sa ating lipunan?

a. pagiging masunurin sa mga magulang
b. Ang mga tao ay sumasamba sa rebulto.
c. pagiging relihiyoso at mapanampalataya sa Diyos
d. Maraming problemang kailangang ipanalangin.

___ 8. Kung ikaw si Don Pedro, paano mo mapipigilan ang iyong sarili na gawan ng masama ang sarili mong kapatid?

a. Tuparin ang layunin
c. Higit pang mahalin ang sarili
b. Iwasang mainggit
d. Higit pang paghusayin ang sarili

___ 9. Sa iyong palagay, tunay bang tapat si Donya Leonora kay Don Juan?

a. Oo, dahil pinaalagaan niya sa isang lobo si Don Juan
b. Oo, dahil ito ay hinintay niya sa loob ng mahabang panahon.
c. Hindi, dahil napilit din siyang magpakasal ni Don Pedro agad-agad
d. Hindi, dahil agad siyang nagpakasal kay Don Diego pagdating sa Berbanya.

___ 10. Alin sa mga sumusunod ang **hindi tama** tungkol kay Don Juan**?**

a. Agad nahulog ang loob niya kay Donya Juana
b. Nahulog din ang loob niya kay Donya Leonora
c. Natalo niya ang higante at serpyente
d. Tumakas si Juan sa parusa ng kanyang ama.

LIVEWORKSHEETS